# 1

“Janis, Janis!” sigaw ni Melanie habang tumatakbo papunta sa kanya. Kasalukuyan siyang nasa cafeteria ng school.

“O bakit?” tanong ni Janis habang may binabasa. Hindi niya alintana na hapong-hapo si Melanie sa kahahanap sa kanya.

“Nakita mo na ba ’yung nakapaskil sa bulletin board ng Dean?” hingal na tanong nito at huminga nang malalim.

Nag-angat ng tingin si Janis at sandaling tiningnan ang hitsura ni Mel. Pagod na pagod ito at halatang malayo ang tinakbo para hanapin siya. Natatawa siya kasi hindi bagay rito ang magtatakbo lalo na sa suot nitong high-heeled shoes at mini-skirt.

“Mel, eto ba ang sinasabi mo?” Nangingiting ipinakita niya sa bestfriend ang papel na binabasa niya kanina.

“’Yan na nga! Teka paano mo ‘yan nakuha?” anito sabay kuha ng papel at malakas na binasa ang nakasaad doon habang umuupo sa tabi ni Janis.

*“Annual University Athletics Association of the Philippines Season 69th Auditions for Two Junior Sportscasters. Submit your VTR and other requirements at designated Dean’s Offices. Must be confident, fluent in Tagalog and English and knowledgeable in...”* Biglang napatigil si Mel sa pagbabasa.

Napatingin tuloy si Janis dito. “Bakit hindi mo itinuloy?”

Nakipagtitigan si Melanie. “Knowledgeable in sports, sports jargons and athletes,” dahan-dahang bigkas nito.

“O bakit?”

“Eh, kasi naman, Janis, sa tagal ng pagsasama natin, ni isang saglit ay hindi man lang kita naringgan ng pagkagusto sa kahit anong sport. Ni hindi mo nga pinapansin ‘yung mga varsity players diyan sa tabi-tabi.” pag-e-explain nito.

“Chess! Marunong ako maglaro ng chess!” pagbibida ni Janis.

“Ano ba! ‘Yung sport na sinasabi ko ‘yung pinagpapawisan naman,” diin ni Mel.

“Siyempre sportscaster kaya tungkol sa sports,” pagkaklaro rin ni Janis.

"Hay naku! Ewan ko sa 'yo," natatawang usal ni Melanie.

"Eh, ikaw ano ba'ng sport mo?" pagtataray niyang tanong sa kasama. Sa pagkakaalam din niya ay hindi rin ito mahilig sa sports. Mahilig itong mag-cheer sa mga basketball games, pero hindi naman ito sumasali sa cheering squad.

Tiningnan lang siya nito nang masama. Matalik na magkaibigan sina Janis at Melanie simula first year nila sa university. Pareho silang English Literature ang course na kinuha kaya lalo silang napalapit sa isa't isa. Sa isang pribado't kilalang university sila nag-aaral at ngayon ay third year-college students na sila.

"Tutulungan mo naman akong mag-prepare para sa VTR ko. Alam mo namang kailangan ko ito para sa inaaplayan ko for scholarship sa *University of Vancouver*. Kaya nga kina-career ko na ang kahit anong exprerience ang makukuha ko. Ano, tutulungan mo na ako?" tuloy-tuloy na pagmamakaawa ni Janis.

"O sige na nga! Kung hindi ka lang malakas sa akin," pagpayag ni Melanie. "Tinatanong mo di ba kung ano ang sport ko?" biglang napangiting sabi ni Mel.

"Oo," sagot ni Janis pero hindi niya alam kung ano ang patutunguhan ng usapang iyon.

"Kasi ang sport ko talaga ay boy watching ng mga varsity players at pag-cheer sa kanila!" masayang sambit nito na kinikilig pa.

"'Ayun! Lumabas din ang totoo," natatawang sabi ni Janis.

Biglang sumeryoso ang mukha ni Mel. "Ewan ko ba naman sa 'yo kung bakit gustung-gusto mong mangibang-bansa at doon pa mag-aral."

"Alam mo namang ito ang isa sa pangarap ko. Siyempre idol ko yata si Lorraine Hahn," pagmamalaki ni Janis na ang tinutukoy ay ang magaling na news anchor ng *CNN*.

Napailing lang si Melanie. Alam nito na kapag pangarap na ang pinag-uusapan nila ay sobrang agresibo si Janis. Alam naman nito na ito lang ang nakakaalam niyon. Wala kasing lakas ng loob si Janis na ipagsabi iyon sa iba.

"Sige, pag sikat ka na, tawagan mo naman ako," biro na lang nito.

"Ano? Wala nang kaibi-kaibigan!" balik ni Janis sabay tawanan nila.

# 2

“Tiya! Tiya! ‘andito na po ako,” tawag ni Janis sa tiyahin pag-uwi niya ng bahay.

Humahangos na pinuntahan siya nito mula sa kusina. “O bakit ang aga mo yata ngayon? Wala ka bang pasok sa part-time mo?” tanong nito.

“Day-off ko po kasi ngayon,” sagot niya sabay mano sa tiya. Naghugas siya ng kamay at tumulong maghiwa ng sibuyas nang makita niyang nagluluto na ito ng hapunan nila.

Mga ilang sandali ay pasinghot-singhot na siya habang naghihiwa ng sibuyas.

“’Ayan, naiiyak ka na,” pagpansin ng Tiya niya. “Maupo ka na lang sa sala at ako na ang bahala dito. May kasabihan ngang too many cooks spoil the broth.”

Natawa tuloy si Janis at sinunod na lang ang tiya. Nagtungo siya sa sala at nilibang ang sarili habang hinihintay itong matapos. Habang nag-aasikaso ang babae ay tinitigan niya ito.

Ngayong naghihiwa ito ng sibuyas ay nakikita

niya ang mga sakripisyong ginagawa nito sa kanya. Naalala niya ang mga pinagdaanan nilang dalawa.

Limang taon lang siya nang mamatay ang kanyang ina sa sakit sa atay. Nag-iisang anak lang siya at nakatira pa sila noon sa Bulacan. Mahirap lang sila pero masaya naman at malapit siya sa pareho niyang magulang. Doon binuo niya ang pangarap at pasyang maabot iyon kahit alam niyang kapos sila.

Marahil dahil sa sobrang dalamhati ng kanyang ama sa pagkawala ng kabiyak, pagkatapos ng tatlong buwan ay sumunod na rin itong pumanaw. Naiwan siya sa pangangalaga ng kanyang tiya na isa namang matandang dalaga at kapatid ng kanyang ama. Wala na silang ibang kamag-anak kaya ito ang nag-aruga sa kanya. Dahil hindi makahanap ng magandang trabaho sa probinsya ay napagpasyahan ng tiya niya na makipagsapalaran sa Maynila. Lumuwas sila at dito na siya lumaki.

Naging matiyaga sa pag-aaral si Janis at nakakuha naman siya ng scholarship sa isang pribadong university na pinapasukan niya ngayon. Nagpa-part-time din siya sa restaurant ng isang five-star hotel bilang restaurant hostess para matustusan ang ibang mga pangangailangan sa school at upang hindi mabigatan ang tiyahin.

Ang tiya naman niya ay nagtatrabaho sa isang opisina bilang isang maintenance staff. Masasabing malapit sila sa isa't isa pero lingid sa kaalaman nito ay sinisikreto niya ang mga pangarap niyang makapag-aral sa ibang bansa at kung papalarin ay doon na rin makapagtrabaho. Ayaw niyang paasahin ito kung mabigo man siya sa mga pangarap niya. Lahat ng gastusin sa pagpapasa ng requirements para sa Canada ay inaako na lang niya galing sa part-time work niya.

"O halina't kumain na tayo," mayamaya ay tawag ng tiya niya.

Dahil sa naisip ay bigla niyang niyakap ang tiya at nagpasalamat. Hindi naman nito iyon ikinagulat dahil malambing talaga si Janis.

Masaya rin ang tiya sa pagkakaroon ng mabait at masayahing pamangkin. Ngunit nitong mga nakakaraan araw ay napapansin nito ang dobleng pagod ng dalaga sa school at part-time. Tila may inaasikaso rin si Janis na ayaw ipasabi kahit kanino. Hindi na lang ito nagtanong pa. Hihintayin na lamang nito na kay Janis manggaling ang lahat.

Habang kumakain ng hapunan ay ikinuwento ni Janis sa tiyahin na sumali siya at napili bilang isang junior sportscaster sa *UAAP*. Natuwa ang kanyang

tiya pero nagtataka kung bakit kinailangan pa niyang sumali roon at ngayon lang iyon nabanggit ng dalaga. Sinagot lang ni Janis na maganda itong oportunidad para sa kanya at marami siyang matututunan doon. Hindi niya binanggit ang totoong rason ng pagsali niya.

Napailing na lang ang tiya niya at pinagpatuloy ang pagkain. Hindi na ito muling nagduda at inisip na lang na siguro ay iyon ang madalas na pagkaabalahan ni Janis kaya mas pagod nitong mga nakaraang linggo.

# 3

Sa marangyang bahay ng mga Lim, pupungas-pungas na dumulog si Jake sa breakfast table.

"Jake, kelan ka ba magtitino, ha?" basag ng katahimikan ni Mr. Lim na kasalukuyang nasa breakfast table at nakita ang pagdating ng anak.

*Bakit na naman?* naisip ni Jake habang paupo sa silya at kumukuha ng makakain. Nitong mga nagdaang buwan ay lagi na lang siyang pinapagalitan tuwing umaga at hindi niya na alam kung ano na naman ang isesermon sa kanya.

Biglang tumaas ang presyon ng ama nang makitang walang kaide-ideya ang anak sa sinasabi niya.

*"Ni shi bai chi!"* pagmumura ng ama niya sa kanya sa wikang Intsik. "Ma, pagsabihan mo nga 'yang anak mo," baling ni Mr. Lim sa asawa sabay tayo saka lumabas sa teresang malapit sa dining area.

"Kasi, anak, gabi ka na naman umuwi. Nagagalit ang dad mo dahil puro ka na lang barkada, parties at  paggagastos. 'Yung reports na binibigay niya sa

iyo nakita pa niyang nakakalat lang sa room mo," pagsasalaysay ng ina.

Napakamot ng ulo si Jake. "Eh, Dad hindi naman ako nagpa-party. Nag-extend lang kasi 'yung practice namin dahil *UAAP* season na," paliwanag niya sa ama.

Galit na bumalik sa komedor si Mr. Lim. "Puro na lang *UAAP*. Kelan ba matatapos ang kabaliwan mo sa basketball na 'yan," sigaw nito saka sila iniwan.

Ang gusto ng matandang Lim ay mag-concentrate na lamang si Jake sa pag-aaral at pag-aasikaso ng negosyo nila. Ang binata ang inaasahan nito na magpapatakbo ng kanilang businesses pagka-graduate nito sa college.

Nakakalimutan na kasi ni Jake ang responsibilidad niya sa negosyo mula nang maging captain siya ng kanilang basketball team.

Lumapit ang ina niya sa kanya. "Hijo, matalino ka at mahusay sa business, bakit di mo na lang ituon doon ang panahon mo? Graduating ka na. Pagkagraduate mo, sa business ng dad mo ikaw magtatrabaho at eventually ikaw na ang magtataguyod ng business natin," pag-aalo nito.

Matagal nang napapansin ni Mrs. Lim ang

tensyon sa pagitan ng mag-ama pero alam nitong susunod si Jake sa mga utos nila kahit alam na nilang basketball talaga ang hilig ng anak nila.

Gustong magreklamo ni Jake, pero dahil malapit siya sa ina ay hindi niya magawang magalit dito o magsalita ng alam niyang ikahihinanakit nito. Kaya tumahimik na lang siya.

Sa edad na twenty-two ay hindi pa rin niyang makayang sabihin sa kanyang mga magulang ang totoo niyang nararamdaman. Balak talaga niyang pumasok sa professional basketball kung mada-draft siya ngayong taon. Bilang captain ng basketball team nila ay malaki talaga ang tsansang mangyari iyon.

Alam niyang madi-disappoint ang kanyang mga magulang kapag nangyari na iyon. Isang Chinese-Filipino magnate ang kanyang ama na may malaking exporting business sa bansa. Siya ang inaasahan nitong pumalit dito once na magretiro na ang ama.

Pure Chinese naman ang kanyang ina na mahilig sa social gatherings at mahilig siyang i-match sa mga anak na babae ng mga amiga nitong pawang mga Chinese din. Malapit siya sa kanyang baby sister pero kahit ito ay hindi maintindihan na ang pangarap talaga niya ay maging isang tanyag na professional basketball player. Habang pinagninilayan ito ay

napansin niyang hinaplos siya ng ina sa balikat.

"Jake, matanda na ang dad mo. Alam kong responsable ka at hindi mo pababayaan ang negosyong ipinundar ng iyong papa. Tumatanda na kami ng dad mo at ikaw lang ang inaasahan niyang magtataguyod ng negosyo."

Tumayo siya at tuluyan nang nawalan ng ganang kumain. "Yes, Ma. Sige po. May class pa ako today," matamlay niyang tugon saka tinungo ang kuwarto para maghanda na sa kanyang klase.

Habang nagmamaneho papuntang school ay pinag-iisipan ni Jake kung bakit hindi niya matalikdan ang responsibilidad na pinapataw ng ama niya sa kanya. Hindi niya maintindihan kung bakit mapilit ang kanyang mga magulang na negosyo nila ang atupagin niya. Kahit nga ngayon na nag-aaral siya ay kailangan pa rin niyang pag-aralan ang mga iba't ibang papeles na pinadadala sa kanya ng ama galing sa opisina.

Alam niyang napilitan lang siyang kuhanin ang Economics course sa university ngayon. Matalino siya kaya kahit hindi niya gusto ay matataas pa rin ang mga grado niya. Naisip din niya na ang iba ngang pamilya ay nagkakandarapa sa oportunidad na may talento ang kanilang anak sa basketball pero

iba ang kanyang pamilya. Sa lahat ng ginawa niya ay dito lang sumuway ang kanyang mga magulang.

Minsan naisip ni Jake na kaya lang siya sinusuportahan ng kapatid niyang babae ay dahil popular siya at sikat at lagi itong nakakasama sa kanya sa paglabas kasama ang iba pa niyang teammates. Pero ang totoo wala ni isa sa mga ito ang boto sa pangarap niyang maging propesyonal na basketball player.

Dati nga ay pinilit niyang kalimutan ang pagba-basketball, pero hindi pala iyon ganoon kadali. Hindi siya sumali sa varsity team nang pag-apak niya ng first year college. Gusto niyang mag-focus sana sa pag-aaral na lang. Pero hindi pala iyon ganoon kasimple. Tuwing may game ay lagi siyang nanonood at inggit na inggit sa mga manlalaro. Kaya sa huli ay sumali na rin siya.

Masaya si Jake, confident at hindi alintana ang problema kapag naglalaro ng basketball, iyon ang pansin niya. Kaya hindi na niya iyon itinigil kahit ayaw na ayaw ng ama niya rito.

# 4

"Friend! Friend!" sigaw ni Melanie mula sa dulo ng cafeteria.

Napaangat ng tingin si Janis at nakita niya si Melanie na patakbo na naman palapit sa kanya. Hindi niya makakailang boses iyon ng kaibigan. Matinis na halos nakakatuliling pero dahil sanay na siya ay hindi niya na iniinda iyon.

Nagtataka nga siya minsan kung paano sila nagkakasundo nito. Galing sa may-kayang pamilya si Melanie. Moderna itong magdamit na kabaligtaran niya. Kung puwede lang na lagi naka-maong at mahabang polo shirt siya ay gagawin niya.

Si Melanie ay chubby at petite at Española ang kutis, samantalang siya ay slender ang pangangatawan at morena. Pareho silang maganda pero taglay ni Janis ang ganda ng isang dalagang Pilipinang matangkad, sexy at kahit walang kolorete sa pangangatawan ay kapansin-pansin.

Tinuturing siya nito bilang isang kapatid dahil tulad niya ay nag-iisang anak lang din ito kaya nga dito lang niya nasabi ang sinisikreto niya sa ibang

tao. Nang first day pa lang silang magkakilala ay nagkagaanan na sila ng loob siguro dahil na rin friendly ito. Noong una ay mahiyain din si Janis pero unti-unti na siyang nahawa dito at medyo lumakas na rin ang loob niyang makisalamuha sa iba't ibang tao.

Hingal na hingal dumating si Mel sa kinauupuan ni Janis. "Alam mo na ba ang resulta?" tanong nito

"Resulta ng ano?" balik ni Janis. Biglang rumehistro sa kanya na ngayon pala ilalabas ang resulta kung sino ang pumasa bilang junior sportscaster sa UAAP events. Bigla siyang napatayo at aalis na sana papunta sa bulletin board nang hawakan siya sa braso ni Mel.

"Hep! hep! Huwag ka nang mag-abala dahil alam ko na," nakangising pigil nito sa kanya.

"Pumasa ba ako?" tanong niya habang tumatahip sa kaba ang dibdib.

Biglang niyakap siya ni Mel at nagtatalon. "Friend, ang galing mo, pumasa ka! Napapabilib na ako sa iyo," masayang sabi nito.

Dahil sa tuwa at ay napatalon din siya sa saya.

Pero biglang may naalala si Janis at sumeryoso

ang mukha niya. Napansin ni Mel iyon kaya tumigil na rin ito sa pagtatalon at pagtawa.

"Bakit? Akala ko ba matutuwa ka? You're one step closer to your dream," sabi ni Mel.

Napakamot si Janis ng ulo. "Kasi, Mel, ngayon ko lang na-realize na wala ako masyadong alam sa sports lalo na kung sinu-sino 'yung mga players natin dito sa campus," nahihiyang pahayag niya. "'Tapos kailangan medyo nakaporma, eh, wala namang wardrobe na provided. Mag-back-out na lang kaya ako?" dagdag ni Janis.

"Ano ka ba? Kung kelan naman nandyan na saka ka nakakahanap ng problema. Huwag kang mag-alala, para saan pa na ako ang bestfriend mo kung hindi kita tutulungan, di ba? Buti na lang kilala ko halos ang mga varsity players natin. Halika ituturo ko na sa iyo kung sinu-sino sila," anito sabay hila kay Janis papunta sa tambayan ng mga jocks.

Sa tambayan, itinuro ni Melanie kung sinu-sino ang mga atleta at kung ano ang sport nila. Nakikinig lang siya at medyo nagtataka kung bakit at paano nakilala ni Mel ang mga iyon samantalang siya ay wala ni isang namumukhaan man lang sa mga ito.

"Siguro iniisip mo kung bakit ko sila kilala at ikaw

hindi?" pagpansin ni Melanie sa napapantastikuhang mukha ni Janis.

Napatango na lang siya.

"Kasi naman po unlike you ay hindi ako ganoon ka-oblivious sa existence ng ibang tao lalo na kung hindi *Pulitzer Prize* winner, humanitarian awardee, famous newscaster, controversial politician, human rights activist, etcetera. 'Yun lang kasi ang mga concerns mo," paliwanag nito.

"O huwag ka nang tumanggi," hirit pa ni Mel nang makitang magsasalita si Janis. "Siguro kasi medyo busy ka rin sa work mo kaya wala ka nang panahong mag-boy watching tulad ko, but don't worry, now's your chance," nakangising sabi nito.

Tama si Mel. Busy talaga siya. Kailangan niyang i-maintain ang exceptional grade point average dahil sa scholarship niya. Pagkatapos ay may part-time work pa siya. Ngayon naman ay magiging junior sportscaster pa siya.

"O, eto na parating na ang mga cutie basketball players," sabat ni Mel sa pagninilaynilay niya. "'Ayun ang captain nila," paturong sabi ni Mel.

"'Asan?" curious na tanong niya. Dapat malaman niya kung sino iyon dahil tiyak i-interview-hin niya

iyon. Basketball ang pinakapopular na game sa kanila ayon kay Mel, kaya inaalam niya kung sino ang mga atletang kasali dito.

"'Yung chinito, matangkad, cute, guwapo, super tabas ang abs, may dimples pag nag-smile, ganda ng braso, at simple pero rock pumorma," dreamlike na pagsabi ni Mel.

Napapantastikuhan si Janis sa pinagsasabi nito kaya tinapik niya ang kaibigan. "'Ayan para bumalik ka na sa lupa. Kung saan-saan ka kasi pumupunta. Para kang may crush d'un sa tao, ah," natatawang bitiw niya ng salita.

"FYI, hindi ko siya crush dahil ang crush ko 'yung pointguard na si Jason Meneses. Alam ko namang walang panama ang beauty ko d'un sa lalaking iyon at chickboy pa, kaya kay Jason na lang ako," pagtatanggol ng kaibigan sa sarili na siya namang ikinatawa nila.

Habang natatawa ay napabaling ang tingin niya kay Jake. Tama ang lahat ng description ni Mel, ah. Sa suot na jersey nito ay makikita mo talaga ang ganda ng hubog ng braso't katawan nito. Hindi niya maintindihan kung bakit nakaka-magneto ang brown chinito eyes nito. Parang may lungkot ito na itinatago. At gusto niyang aluin ito at tanggalin ang

lungkot niyon.

“Ehem! Earth to Janis!” pukaw ni Mel na papitik-pitik pa sa harapan niya para makuha ang kanyang atensyon.

Hindi niya muna pinansin ang kaibigan. Napatitig ulit siya sa lalaki. Napansin niyang may kausap itong babae at nalungkot ang mukha niya.

“O bakit ganyan ang mukha mo?” anito sabay tingin kung saan nakatuon ang pansin niya. “Ah, don’t worry, I have a reliable source who told me na kapatid niya iyon, kaya wala kang dapat na ikagalit. At s’abi rin niya na break na sila ng gilfriend kuno na si Stephanie.”

“At sino naman itong reliable source mo?” mataray na tanong ni Janis.

“Eh, di ako,” anito sabay bunghalit ng tawa.

Nagpatuloy pa si Mel sa pagtuturo kung sino ang ibang mga atleta na kasali pero parang wala siyang naririnig at isa lang ang nasa isip niya at nakikita. Si Jake Andrew Lim, ang captain ng basketball team.

Nagtataka din siya sa sarili niya kung bakit hindi ito maalis sa isipan niya. Hindi naman siya ganoon. Minsan nga niloloko siya ni Mel na baka isa siyang

man-hater. Hindi naman talaga, kaya lang, wala kasi siyang makursunada ni isa sa mga nanliligaw sa kanya at wala rin siyang oras para sa mga ito.

Nagkaroon na rin naman siya ng boyfriend noong highschool. Kaya lang nang tumapak na siya sa kolehiyo ay hindi na siya nagka-boyfriend. Mga guwapo naman at matatalino pa ang male student population sa school nila, pero wala talagang nakakaantig sa kanya, ngayon lang. Bakit kaya hindi niya ito nakikita? Nasagot iyon nang maalala niyang nasa tambayan pala sila ng mga varsity players at hindi talaga siya gumagawi roon.

Pero ngayong nakita na niya si Jake ay parang nagsisisi siya na ngayon lang niya ito nakita samantalang ilang taon na siyang nag-aaral doon. Hindi rin siya interesado sa *UAAP* dati dahil hindi pa siya eligible um-apply maging junior sportscaster.

Hindi pa rin mawala sa isip niya si Jake at ang malulungkot na mata nito.

# 5

Nang hapon ay naalala ni Janis na bukas na pala ang first day ng training niya bilang junior sportscaster ng university nila at isasabak na rin siya sa pag-interview ng mga atleta.

Kinabahan siya kaya naman naisipan niyang mag-practice mamayang gabi sa gymnasium nila. Naisip niyang mainam iyon dahil walang tao at mapa-familiarize pa siya sa mismong venue ng sporting events.

Kinagabihan nga ay kinausap ni Janis si Mang Edong, isa sa maintenance personnel ng gym, kung puwede siyang papasukin kahit sandali lang. Pumayag naman ang matanda dahil malapit siya rito at kakilala naman siya. Pinayuhan lang siyang huwag masyadong maingay at isang ilaw lang ang bubuksan.

Sa tuwa niya ay napayakap siya rito saka nagmamadaling pumunta sa loob ng gym. Madilim sa loob ng gym pero aninag pa rin naman niya ang kabuuan nito kaya hindi siya kinakabahan.

Nagsimula na siyang pumuwesto sa gilid ng

court at huminga nang malalim. Hawak-hawak ang hairbrush niya na kunwari ay mikropono niya ay nagsimula na siyang magsalita.

"Welcome to the 69th Season of the annual *UAAP* games. This is your host for this afternoon, Janis Magdiwang, coming live from the—" Napatigil siya sa pagsasalita nang biglang may narinig na ingay.

Luminga-linga siya at wala namang nakita. Natatakot na siya pero naisip niya ay baka hangin na tumatama sa isang bukas na bintana lang iyon kaya pinakalma na lang niya ang sarili. Huminga siya nang malalim at magpapatuloy na sanang magsalita nang bigla siyang may nakitang anino sa may entrance ng gym.

Hindi naman talaga matatakutin si Janis, pero hindi niya mapigilang kabahan lalo na at mag-isa lang siya roon. May naririnig siyang mga balita na may mga multo roon sa gymnasium nila pero hindi siya naniniwala roon.

Nanlaki ang mata niyang napako sa kinalalagyan ng anino. Para itong papalapit sa kinatatayuan niya. At may parang kalabog pa na tunog na kasama ito habang lumalapit sa kanya. Parang nag-dribble ng bola.

Papalapit na ang anino ng lalaki. Walang anu-ano ay biglang may gumulong na bola sa kanyang paanan. Sa sobrang takot ay napatili siya.

Napatigil lang si Janis nang mapansing nasa harap na pala niya ang isang matangkad na lalaki. Akala kasi niya ay multo ito.

Nalanghap niya ang amoy nito. Napatingala siya at dahil isa lang ang ilaw ay hindi niya maaninag ang taong kaharap niya. Ang nakita lang niyang malinaw ay ang mga matang maamo na parang pamilyar sa kanya. Maamo't malungkot na mga mata, saan ko nga ba iyon nakita? Biglang rumehistro sa kanya kung sino iyon at napahakbang siya palayo.

Napahawak sa balikat niya ang lalaki dahil akala nito ay mahihimatay siya. Nagkatinginan sila nito.

"Miss, are you all right?" may pag-aalalang sabi nito.

Nakaawang lang ang labi ni Janis at nakatitig lang sa lalaki na siguro ay isang pulgada lang ang pagitan ng kanilang mga mukha. Si Jake ang kaharap niya ngayon at hindi siya makapaniwala. Biglang nagrigodon ang kanyang puso sa natuklasan.

Nang mahimasmasan ay tumangu-tango lang siya. Nailang siya nang mapansing hawak pa rin pala

siya ng lalaki. Hindi niya alam kung kinilig ba siya o ano basta namula siya kaya kinalas kaagad niya ang kamay ng lalaki at akmang aalis na at kukunin ang mga gamit.

Pinigilan siya nito. “Huwag ka na munang umalis. Di naman kita iistorbohin. I’m just going to shoot some hoops. I won’t bother you. Ipagpatuloy mo na lang ‘yung ginagawa mo,” pagkukumbinsi nito sa kanya habang hawak na naman ang braso niya.

Napatingin si Janis sa braso niyang hawak nito. Napansin iyon ng lalaki kaya kaagad binawi ang kamay.

“I-it’s okay. I’m almost done anyway,” kinakabahang kaila niya. Sa pagkakahawak kasi ng lalaki ay parang may naramdaman siyang pagkakilig na ikinalito niya. Nagagalit siya sa sarili dahil sa reaksyong iyon.

Medyo nanghinayang si Jake sa binanggit ng babae. Hindi niya gustong umalis ito. Ngayon lang niya ito nakita pero gusto na niya itong makasama. Wala siyang alam tungkol sa babae at gusto niya itong makilala. Hindi naman iyon ang usual na nangyayari sa kanya. Lagi ngang ang mga babae pa ang nakikipagkilala sa kanya.

Hindi alam ni Jake kung physical attraction lang ba ang nararamdaman niya sa babaeng kaharap. Kahit medyo madilim ay kita pa rin niyang maganda ito, hindi ang tipikal na ganda na dine-date niyang mga babae. Kahit na naka-jeans lang ito at maluwang ang suot na shirt ay kita pa rin niyang may kakaibang ganda ito at slim pa na lalong nag-enhance ng kagandahang iyon. Gusto sana niyang mas makilala pa ang babae. Ngunit bago pa siya makaisip ng sasabihin dito ay nagsalita muli ang dalaga.

"Pinapasok ka rin ba ni Mang Edong?" tanong ni Janis. Dahil naiilang na siya sa katahimikan ay nagtanong na lang siya. Naisip rin niya na hindi na lang muna siya magpa-practice ngayong gabi. Nahihiya talaga siya sa lalaki.

"Ah, oo kasi bago mag-game ay ritwal ko na ito," sagot ni Jake na nangingiti-ngiti dahil naalala niyang kanina lang ay tumitili ang babae. "Ikaw?" pahabol ng binata.

"Sige, mauna na ako," sa halip ay sabi ni Janis sabay talikod at kinuha ang gamit at tumalilis ng takbo. Nakita niyang pagngiti-ngiti ang lalaki. *Siguro'y pinagtatawanan ako nito.*

"By the way I'm—" sigaw ni Jake bago pa

makalabas ang dalaga sa court.

"Yes, I know who you are," putol ni Janis saka tumigil sa pagtakbo at nilingon ang lalaki. "You're Mr. Jake Andrew Lim, the captain and star player of the basketball team. Heartthrob and overall friendly guy as the polls say," matter-of-factly niyang sabi sabay matamis na nginitian ito at nagpatuloy na ulit sa pag-alis.

"And you are?" sigaw ulit ni Jake. Pero wala nang sumagot. Tuluyan nang nakalabas ng gym ang dalaga.

Napakamot ng ulo si Jake at napangiti. Lalong gumanda sa paningin niya ang babae habang binabanggit ang pangalan niya at sarkastiko pang ngumiti sa kanya.

Habang nag-eensayo at nagdi-dribble ng bola ay napapangiti siya. Naalala niya ang tagpo kanina lang. Una ay gusto niyang pagalitan ito at sabihang bakit nag-iisa lang ang babae doon, pero nang mapagmasdan na niya ito ay iba na ang gusto niyang gawin.

Ayaw niyang paniwalaan na love at first sight ang nangyari sa kanya. *Siguro lust at first sight puwede pa*, nangingiti niyang usal sa sarili.

Nasasabik na siyang makilala ang babeng may maamong mukha, masamyong bango at mapupulang labi na parang kay sarap halikan. Natawa siya sa sarili niya. Parang nagayuma yata siya ng mala-diyosang babaeng iyon. *Kung sino man siya.* Naisip din niyang makikita niya ulit ito dahil mukhang estudyante rin ito sa university tulad niya at kilala pa si Mang Edong.

Sigurado siya roon. Si Mang Edong lang naman ang puwedeng magpapasok ng dis-oras ng gabi nang walang permiso sa school office.

Pagkatapos mag-ensayo ay kaagad siyang lumabas at tinanong si Mang Edong kung sino iyong pinapasok nitong babae pero ang tugon lang nito ay Ms. Ganda lang daw ang tawag nito sa babae.

Habang pauwi ay iniisip pa rin niya ang estranghera. Ano kaya ang tunay na pangalan ni Ms. Ganda? *Sino kaya siya at bakit ngayon ko lang siya nakita kung nag-aaral nga kami sa parehong university?*

GABI NA ay hindi pa rin dalawin ng antok si Janis. Kanina pa niya binabalik-balikan ang tagpo sa court. Napapailing-iling siya. Ang lakas yata ng

atraksyon niya sa lalaking iyon. Hindi siya ang tipo ng babae na kaagad napapahanga sa mga lahi ni Adan kaya nagtataka siya kung ano ang mayroon kay Jake at nagustuhan niya kaagad ito.

Kanina ay namagneto siya rito lalo na sa mga mata nito at nang hinawakan siya ng binata ay may ibang kilig siyang naramdaman. Tila ayaw na niyang bitiwan ang kamay nito. Kung hindi lang siya nahihiya ay hindi siya kaagad aalis ng gym.

Napabuntong-hininga si Janis. There's something about him. *His eyes, they're expressive and sad. I wonder if anyone else sees him like I do. I want to take away his sadness.* Iyon ang huling nasa isipan niya bago siya makatulog.